# 7 Araling Panlipunan

## Unang Markahan



PIVOT 4A LEARNER'S MATERIAL

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Ang modyul na ito ay masusing sinuri at niribisa ayon sa pamantayan ng DepEd Region 4A at ng Curriculum and Learning Management Division CALABARZON. Ang bawat bahagi ay tiniyak na walang nilabag sa mga panuntunan na sinasaad ng Intellectual Property Rights para sa karapatang pagkatuto.

Mga Tagasuri

# Araling Panlipunan

## Ikapitong Baitang

**Regional Office Management and Development Team:** Job S. Zape, Jr., Leonardo C. Cargullo, Romyr L. Lazo, Fe M. Ong-Ongowan. Lhovie A. Cauilan, Ephraim L. Gibas

**Schools Division Office Development Team:** Marissa O. Aguirre, Asher H. Pasco, Ma. Teresa A. Delos Reyes, Marlene E. Diaz, Allan E. Medenilla Maria Imeelyn M. Zamora, Hiyasmin C. Capello

**Araling Panlipunan Ikapitong Baitang**
**PIVOT IV-A Learner's Material**
**Unang Markahan**
**Unang Edisyon, 2020**

Inilathala ng: Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon IV-A CALABARZON
Patnugot: Wilfredo E. Cabral
Pangalawang Patnugot: Ruth L. Fuentes

## Gabay sa Paggamit ng PIVOT Learners Material

### Para sa Tagapagpadaloy

Ang Modyul na ito ay inihanda upang makatulong sa ating mga mag-aaral na madaling matutunan ang mga aralin sa asignaturang Agham Panlipunan. Ang mga bahaging nakapaloob dito ay sinigurong naayon sa mga ibinigay na layunin.

Hinihiling ang iyong paggabay sa pagbibigay sa ating mga mag-aaral ng tamang paraan ng paggamit nito. Malaki ang iyong maitutulong sa pag-unlad nila sa pag-unawa sa pagpapakita ng kakayahan ng may tiwala sa sarili na kanilang magiging gabay sa mga sumusunod na aralin.

### Para sa Mag-aaral

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi na dapat mong maunawaan. Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# Mga Bahagi ng PIVOT Modyul

| | Bahagi ng LM | Nilalaman |
|---|---|---|
| Panimula | Alamin | Ang bahaging ito ay naglalahad ng MELC at ninanais na outcome ng pagkatuto para sa araw o lingo, layunin ng aralin, pangunahing nilalaman at mga kaugnay na halimbawa para makita ng mag-aaral ang sariling kaal-aman tungkol sa nilalaman at kasanayang kailangan pa-ra sa aralin. |
| | Suriin | |
| Pagpapaunlad | Subukin | Ang bahaging ito ay naghahanap ng mga aktibidad, gawain, nilalaman na mahalaga at kawili-wili sa mag-aaral, karamihan sa mga gawain ay umiinog lamang sa mga konseptong magpapaunlad at magpapahusay ng mga kasanayan sa MELC lalo na ang bahaging ito ay nagbibigay ng oras para makita ng mag-aaral ang alam niya, hindi pa niya alam at ano pa ang gusto niyang malaman at matutuhan. |
| | Tuklasin | |
| | Pagyamanin | |
| Pakikipagpagpalihan | Isagawa | Ang bahaging ito ay may iba't ibang gawain at opor-tunidad sa pagbuo ng kailangang Knowledge Skills and Attitude (KSA). Pinahihintulutan ng guro ang mga mag-aaral na makisali sa iba't ibang gawain at oportunidad sa pagbuo ng kanilang mga KSA upang makahulugang mapag-ugnay-ugnay ang kanilang mga natutuhan pagkatapos ng mga gawain sa D. Inilalantad ng bahaging ito sa mag-aaral ang totoong sitwasyon/ gawain ng buhay na magpapasidhi ng kaniyang interes upang matugunan ang inaasahan, gawing kasiya-siya ang kanilang pagganap o lumikha ng isang produkto o gawain upang ganap niyang maunawaan ang mga kasanayan at konsepto. |
| | Linangin | |
| | Iangkop | |
| Paglalapat | Isaisip | Ang bahaging ito ay nagtuturo sa mag-aaral ng proseso na maipakikita nila ang mga ideya, interpretasyon, pananaw, o pagpapahalaga at makalikha ng mga pira-so ng impormasyon na magiging bahagi ng kanilang kaal-aman sa pagbibigay ng repleksiyon, pag-uugnay o pag-gamit nang epektibong nito sa alinmang sitwasyon o konteksto. Hinihikayat ng bahaging ito ang mga mag-aaral na lumikha ng mga estrukturang konseptuwal na nagbibigay sa kanila ng pagkakataong pagsamahin ang mga bago at lumang natutuhan. |
| | Tayahin | |

WEEK 1

# Ang Katangiang Pisikal ng Asya

I

## Aralin

Sa araling ito, pagtutuunan mo ng pansin ang pag-aaral tungkol sa Asya na kinabibilangan ng Pilipinas. Ang mga konsepto ng pagiging kontinente ng Asya at ang katangiang pisikal nito ay mahalagang bahagi ng pagtalakay sa araling ito.

Simulan mo ang paglalakbay sa kontinente ng Asya at sagutin ang mga tanong na: ano ang katangiang pisikal ng Asya bilang isang kontinente? ano ang batayan ng paghahati nito sa limang rehiyon? at **paano nakaaapekto ang katangiang pisikal ng Asya sa pamumuhay ng mga taong naninirahan dito?** Lahat ng ito ay masasagot sa pagbukas mo ng mga pahina ng Aralin 1 na pinamagatang "Katangiang Pisikal ng Asya". Sa mga araling ito, inaasahang matututuhan mo at maipapaliwanag ang konsepto ng Asya tungo sa paghahating – heograpiko: Silangang Asya, Timog-Silangang Asya, Timog- Asya, Kanlurang Asya, Hilagang Asya at Hilaga/ Gitnang Asya .



**Gawain sa Pakatuto Bilang 1:** Pagmasdan ang kontinente ng Asya sa mapa ng daigdig. Gamit ito, iguhit ang mapa ng daigdig sa isang malinis na papel at lagyan ng bilang ang mga kontinente ng daigdig batay sa sumusunod:

| | | |
|---|---|---|
| 1. Asya | 2. Australia | 3. Antarctica |
| 4. Africa | 5. Europe | |
| 6. North America | 7. South America | |

**Gawain sa Pakatuto Bilang 2:** Pagmasdan ang kontinente ng Asya sa mapa ng daigdig. Ano ang iyong masasabi sa katangiang pisikal ng Asya? Gamit ang *checklist* sa ibaba, Ilagay ang **J** kung ang pangungusap ay angkop na paglalarawan sa Asya batay sa mapa. Kung hindi ito angkop, ilagay ang **L**. Gawin ito sa iyong kwaderno.

| **Ang Asya bilang Isang Kontinente** | **J** | **L** |
|---|---|---|
| 1. Pinakamalaki ang teritoryo ng Asya sa lahat ng mga kontinente sa daigdig. | | |
| 2. Matatagpuan ang Asya sa silangang bahagi ng daigdig. | | |
| 3. Malawak ang lupaing nasasakupan ng Asya. | | |
| 4. Magkakatulad ang hugis ng Asya sa iba't ibang direksiyon nito. | | |
| 5. May malalaking karagatan na nagsisilbing hangganan ng Asya. | | |

# D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Basahin at piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ang iyong kasagutan sa iyong kuwaderno.

1. Ang Pilipinas ay matatagpuan sa ___________.
   A. Timog Asya C. Kanlurang Asya
   B. Timog Silangang Asya D. Silangang Asya

2. Binubuo ang Hilagang Asya ng mga bansa ng _______________.
   A. Soviet East Asia C. Soviet Central Asia
   B. Soviet West Asia D. Soviet South Asia

3. Kilala ang rehiyong ito bilang Farther India at Little China.
   A. Timog Asya C. Kanlurang Asya
   B. Timog Silangang Asya D. Silangang Asya

4. Sa rehiyong ito matatagpuan ang hangganan ng mga kontinenteng Africa, Asya at Europe.
   A. Timog Asya C. Kanlurang Asya
   B. Timog Silangang Asya D. Silangang Asya

5. Ito ang bansang pinakamalaki sa Timog Asya sa usapin ng sukat ng teritoryo at populasyon.
   A. Afghanistan C. Pakistan
   B. India D. Sri Lanka

Paksa: **Ang Paghahating-Heograpikal ng Asya**

Sa heograpiya, mahalagang maunawaan na ang konsepto ng paghahating panrehiyon ay binuo lamang ng tao batay sa pagkakapareho sa katangiang, pisikal, historikal, at kultural. Gayunpaman, malaki ang papel na ginagampanan ng pisikal na heograpiya sa mga rehiyon na may pagkakaiba sa uri ng tirahan, pananamit, pagkain, at sistema ng transportasyon.

Ang mga rehiyon sa Asya ay tinatawag na heograpikal at kultural na mga sona. Ibig sabihin, isinasaalang-alang sa paghahati ang sumusunod na aspekto: pisikal, historikal, at kultural. Batay sa mga salik na ito, nahahati sa limang rehiyon ang Asya: Hilaga, Kanluran, Timog, Timog Silangan, at Silangang Asya.

Ang sumusunod na mga talahanayan ay nagpapakita ng rehiyunal na pagkakahati ng Asya, mga bansang kabilang sa bawat rehiyon at mga kabisera nito.

| Hilagang Asya | |
|---|---|
| 1. Armenia | Yereven |
| 2. Azerbaijan | Baku |
| 3. Georgia | T'bilisi |
| 4. Kazakhstan | Astana |
| 5. Kyrgyzstan | Bishkek |
| 6. Tajikistan | Dushanbe |
| 7. Turkmenistan | Ashbagat |
| 8. Uzbekistan | Tashkent |

| Kanlurang Asya | |
|---|---|
| 1. Bahrain | Manama |
| 2. Cyprus | Lefkosia (Nicosia) |
| 3. Iran | Tehran |
| 4. Iraq | Baghdad |
| 5. Israel | Jerusalem |
| 6. Jordan | Amman |
| 7. Kuwait | Kuwait City |
| 8. Lebanon | Beirut |
| 9. Oman | Muscat |
| 10. Qatar | Doha |
| 11. Saudi Arabia | Riyadh |
| 12. Syria | Damascus |
| 13. Turkey | Ankara |
| 14. United Arab Emirates | Abu Dhabi |
| 15. Yemen | Sana |

| Timog Asya | |
|---|---|
| 1. Afghanistan | Kabul |
| 2. Bangladesh | Dhaka |
| 3. Bhutan | Thimphu |
| 4. India | New Delhi |
| 5. Maldives | Male |
| 6. Nepal | Kathmandu |
| 7. Pakistan | Islamabad |
| 8. Sri Lanka | Colombo |

| Timog Silangang Asya | |
|---|---|
| 1. Brunei Darussalam | Bandar Seri Begawan |
| 2. Cambodia | Phnom Penh |
| 3. East Timor | Dili |
| 4. Indonesia | Jakarta |
| 5. Laos | Vientiane |
| 6. Malaysia | Kuala Lumpur |
| 7. Myanmar | Yangon |
| 8. Pilipinas | Manila |
| 9. Singapore | Singapore |
| 10. Thailand | Bangkok |
| 11. Vietnam | Hanoi |

| Silangang Asya | |
|---|---|
| 1. China | Beijing |
| 2. Japan | Tokyo |
| 3. Mongolia | Ulaanbaatar |
| 4. North Korea | Pyongyang |
| 5. South Korea | Seoul |
| 6. Taiwan | Taipei |

Ang Hilagang Asya ay binubuo ng mga bansang dating *Soviet Central Asia* (Kazakhstan, Kyrgyzstan, Tajikistan, Azerbaijan, Turkmenistan, Uzbekistan, Georgia, Armenia), at Siberia. Kilala ang rehiyong ito sa katawagang *Central Asia* o *Inner Asia.*

Sa Kanlurang Asya matatagpuan ang hangganan ng mga kontinenteng Africa, Asya at Europe. Dito nakalatag ang mga bansang Arabo (Saudi Arabia, Lebanon, Jordan, Syria, Iraq at Kuwait), Gulf States (Yemen, Oman, United Arab Emirates, Qatar, at Bahrain), Iran, Israel, Cyprus, at Turkey.

Bahagi naman ng Timog Asya ang India, mga bansang Muslim ng Afghanistan, Pakistan at Bangladesh; mga bansang Himalayan ng Nepal at Bhutan; at mga bansang pangkapuluan ng Sri Lanka at Maldives. Ang Timog-Silangang Asya ay nakilala bilang Farther India at Little China dahil sa impluwensya ng mga nasabing kabihasnan sa kultura nito. Ang rehiyong ito ay nahahati sa dalawang sub-regions: ang mainland Southeast Asia (Myanmar, Thailand, Vietnam, Laos, Cambodia) at insular Southeast Asia (Pilipinas, Indonesia, Malaysia, Brunei, Singapore, East Timor). Ang Silangang Asya ay binubuo ng China, Japan, North Korea, South Korea, at Taiwan.

***Dagdag Kaalaman:*** *Ang salitang heograpiya ay hango sa wikang Greek na geographia. Ang geo ay nangangahulugang lupa samantalang ang graphien ay sumulat. Samakatwid, ang heograpiya ay nangangahulugang "sumulat ukol sa lupa" o "paglalarawan ng mundo".*

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4 :** Kopyahin at buuin ang tsart. Tukuyin ang rehiyong kinabibilangan ng sumusunod na bansang Asyano. Lagyan ng tsek ang kolum ng rehiyon. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

| Bansang Asyano | HA | SA | TSA | KA | TA |
|---|---|---|---|---|---|
| 1. Pilipinas | | | | | |
| 2. India | | | | | |
| 3. Japan | | | | | |
| 4. China | | | | | |
| 5. Saudi Arabia | | | | | |
| 6. Kazakhstan | | | | | |
| 7. Indonesia | | | | | |
| 8. Kuwait | | | | | |
| 9. Kyrgyzstan | | | | | |
| 10.South Korea | | | | | |

**E**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5 :** Pagsusuri. Basahing mabuti ang tanong at sagutin ito sa iyong kuwaderno.

1. Ano ang dahilan ng mga heograpo sa paghahati sa heograpiya ng Asya sa limang rehiyon?
   ___________________________________________
2. Ano ang naging batayan ng mga heograpo sa kanilang ginawang paghahati sa Asya sa iba't ibang rehiyon?
   ___________________________________________
3. Paano naging katangi-tangi ang kalagayang pisikal ng bawat rehiyon sa Asya?
   ___________________________________________
4. Bakit mahalaga ang paghahating-heograpikal ng Asya sa mga rehiyon sa pag-aaral ng heograpiya at kasaysayan ng Asya?
   ___________________________________________
5. Bilang Asyano, sa paanong paraan mo maipagmamalaki ang katangiang heograpikal ng Asya?

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6 :** Rehiyong Asyano: Kumpletuhin ang tsart hinggil sa mahahalagang impormasyon sa bawat rehiyon sa Asya. Magsaliksik ng mga impormasyong may kaugnayan sa katangiang heograpikal ng bawat rehiyon.

| **MAHAHALAGANG IMPORMASYON NG MGA REHIYON SA ASYA** | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Hilagang Asya** | **Timog Asya** | **Silangang Asya** | **Kanlurang Asya** | **Timog Silangang Asya** |
| | | | | |

**A**

Ang Asya ay may tiyak na hangganan at ito ay binubuo ng limang rehiyong heograpikal sa kasalukuyan: Hilagang Asya, Timog Asya, Silangang Asya, Kanlurang Asya, at Timog-Silangang Asya.

Isinasaalang-alang sa paghahati ng rehiyon ang mga sumusunod na aspekto: pisikal, historikal, at kultural.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 7:** Basahin at piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ang iyong kasagutan sa iyong sagutang papel.

1. Ito ang bansang pinakamalaki sa Timog Asya sa usapin ng sukat ng teritoryo at populasyon.
   A. Afghanistan C. Pakistan
   B. India D. Sri Lanka
2. Kilala ang rehiyong ito bilang Farther India at Little China.
   A. Timog Asya C. Kanlurang Asya
   B. Timog Silangang Asya D. Silangang Asya
3. Binubuo ang Hilagang Asya ng mga bansa ng _______________.
   A. Soviet East Asia C. Soviet Central Asia
   B. Soviet West Asia D. Soviet South Asia

4. Ang Pilipinas ay matatagpuan sa _______________.
   A. Timog Asya C. Kanlurang Asya
   B. Timog Silangang Asya D. Silangang Asya
5. Sa rehiyong ito matatagpuan ang hangganan ng mga kontinenteng Africa, Asya at Europe.
   A. Timog Asya C. Kanlurang Asya
   B. Timog Silangang Asya D. Silangang Asya

WEEK 2


# Klima at Vegetation Cover ng Asya

Aralin

## I

Sa nakaraang aralin, ay tinalakay at inilarawan ang paghahating heograpikal ng Asya. Iyong natutuhan na sa paghahating ito ay isinaalang-alang ang aspektong pisikal, historical at kultural ng mga bansang kabilang sa bawat sa rehiyon. Sa aralin namang ito, ating pag-aaralan at bibigyang halaga ang ugnayan ng tao at kapaligiran sa paghubog ng kabihasnang Asyano.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Gumawa ka ng iyong pahayag ukol sa pauna mong kaalaman sa klima at vegetation cover ng Asya sa pamamagitan ng pagpunan ng cloud callout. Gawin ito sa isang malinis na papel.




## D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Basahin at piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ang iyong kasagutan sa iyong sagutang papel.

1. Salitang Arabic na "mausim" na nangangahulugang "season" o "seasonal wind".
   A. Amihan C. Klima
   B. Monsoon D. Habagat
2. Ito ay tumutukoy sa karaniwang panahong nararanasan ng isang lugar sa loob ng mahabang panahon.
   A. Klima C. Topograpiya
   B. Lokasyon D. Vegetation cover
3. Ito ang hanging nakakaapekto sa mga bansa sa Indian subcontinent.
   A. Northeast Monsoon C. East Asian monsoon
   B. South Asian monsoon D. Southwest monsoon
4. Isang katangiang pisikal ng kapaligiran sa Hilaga o Gitnang Asya ay ang pagkakaroon ng malawak na damuhan o grasslands. Tinatayang ang sangkapat (1/4) na kalupaan sa mundo ay ganito ang uri. Alin sa mga uri ng grasslands ang may damuhang matataas at malalalim ang ugat?
   A. Tundra C. Prairie
   B. Steppe D. Savanna
5. Alin sa mga sumusunod ang hindi kabilang sa mga salik nakakaapekto sa klima?
   A. Dami ng tao C. Lokasyon
   B. Topograpiya D. Dami ng halaman

**Klima at Vegetation Cover ng Asya**

Malaki ang bahaging ginagampanan ng klima at behetasyon (vegetation) ng Asya sa pamumuhay, kabuhayan at sa paghubog ng kabihasnang Asyano.

**Klima ng Asya**

Ang klima ay tumutukoy sa karaniwang panahong (average weather) nararanasan ng isang lugar sa loob ng mahabang panahon. Ayon sa World Meteorological Association, ang panahong nasasaklaw ay karaniwang nagtatagal nang 30 taon. Ang klima ng isang lugar ay naaapektuhan din ng iba't ibang mga salik. Pangunahin sa mga ito ay ang lokasyon ng isang lugar sa mundo, gayundin ang topograpiya (tulad ng pagkakaroon ng kabundukan), uri o dami ng halaman (tulad ng pagkakaroon ng kagubatan o damuhan), at maging ang lapit o layo ng isang lugar sa mga anyo ng tubig. Nakikibagay ang tao sa klimang mayroon sila sa kung paano sila mamumuhay.

| **MGA URI NG KLIMA SA ASYA** | |
|---|---|
| **Rehiyon** | **Katangian ng Klima** |
| Hilagang Asya | Sentral Kontinental. Mahaba ang taglamig na karaniwang tumatagal ng anim na buwan, at maigsi ang tag-init, ngunit may ilang mga lugar na nagtataglay ng matabang lupa. Gayunpaman, malaking bahagi ng rehiyon ay hindi kayang panirahan ng tao dahil sa sobrang lamig. |
| Kanlurang Asya | Hindi palagian ang klima. Maaaring magkaroon ng labis o di kaya'y katamtamang init o lamig ang lugar na ito. Bihira at halos hindi nakakaranas ng ulan ang malaking bahagi ng rehiyon. Kung umulan man, into'y kadalasang bumabagsak lamang sa mga pook na malapit sa dagat. |
| Timog Asya | Iba-iba ang klima sa loob ng isang taon. Mahalumigmig kung Hunyo hanggang Setyembre, taglamig kung buwan ng Disyembre hanggang Pebrero, at kung Marso hanggang Mayo, tag-init at tagtuyot. Nananatili malamig dahil sa ni-yebe o yelo ang Himalayas at ibang bahagi ng rehiyon. |
| Silangang Asya | **Monsoon Climate** ang uri ng klima ng rehiyon. Dahil sa lawak ng rehiyong into, ang mga bansa dito ay nakakaranas ng iba-ibang panahon- mainit na panahon para sa mga bansang nasa mababang latitude, malamig at nababalutan naman ng yelo ang ilang bahagi ng rehiyon. |
| Timog Silangang Asya | Halos lahat ng bansa sa rehiyon ay may klimang tropikal, nakararanas ng tag-init, taglamig, tag-araw at tag-ulan. |

Matutunghayan sa talahanayan ang iba't ibang uri ng klima sa mga rehiyon sa Asya.

Monsoon ay nagmula ito sa salitang Arabic na "mausim" na nangangahulugang "season" o "seasonal wind". Ito ay nahahati sa dalawang bahagi:

1. South Asian Monsoon
Ito ay nakaaapekto sa mga bansa sa Indian subcontinent
2. East Asian Monsoon
Ito ay nakakaapekto sa malaking bahagi ng Timog Silangang Asya kabilang ang Pilipinas.at gayundin sa Silangang Asya

Sa Pilipinas, tuwing tag-init ay may hanging mula sa dagat patungo sa mainit na lupain na tinawag na hanging habagat o Southwest monsoon. Samantalang hanging amihan o Northeast Monsoon naman ang nagdadala ng

**Vegetation Cover ng Asya**

Ang **vegetation** o uri o dami ng mga halaman sa isang lugar tulad ng pagkakaroon ng kagubatan o damuhan ay epekto ng klima nito. Sa Hilagang Asya, katangiang pisikal ng kapaligiran nito ay ang pagkakaroon ng malawak na damuhan o *grasslands* na nahahati sa tatlong uri: ang *steppe, prairie,* at *savanna.*


Ang **steppe** ay uri ng damuhang may ugat na mababababaw o *shallow-rooted short grasses.* Maliliit lamang ang damuhan sa lupaing ito dahil tumatanggap lamang ito ng 10-13 pulgada ng ulan. Mayroong mga *steppe* sa Mongolia gayundin sa Manchuria at Ordos Desert sa Silangang Asya.

Sa hilagang bahagi ng mga *steppe* ng Russia at Manchuria at maging sa Mongolia matatagpuan ang **prairie,** ang lupaing may damuhang mataas na malalim ang ugat o **deeply-rooted tall grasses.** Samantala, ang **savanna** naman na matatagpuan sa Timog Silangang Asya partikular sa Myanmar at Thailand ay lupain ng pinagsamang mga damuhan at kagubatan. Ang mga taong naninirahan sa mga steppe, prairie, at savanna ay kadalasang nakatuon sa pagpapastol at pag -aalaga ng mga hayop tulad ng baka at tupa na pinagkukunan nila ng lana, karne at gatas. Ang mga lambak-ilog at mabababang burol ay ginagawa nilang pananiman.

Ang *boreal forest* o *taiga (rocky mountainous terrain)* ay matatagpuan din sa Hilagang Asya partikular na sa Siberia. *Coniferous* ang mga kagubatang ito bunsod ng malamig na klima dahil sa presipitasyon na maaaring nasa anyong yelo o ulan.

Sa bahagi ng Russia at sa Siberia matatagpuan ang **tundra o treeless mountain tract**. Kakaunti ang mga halamang tumatakip at halos walang puno sa lupaing ito dahil sa malamig na klima. Ang lupaing malapit sa baybayin ng *Arctic Ocean* ang saklaw ng behetasyong ito. Sa Timog-Silangang Asya at sa mga bansang nasa *torrid zone* ang biniyayaan ng *tropical rainforest* dahil sa mainam na klima nito na halos may pantay na panahon ng tag-ulan at tag-araw.

**Gawain sa Pagkatutlo Bilang 3 :** Climate-Vegetation Chart : Kompletuhin ang tsart sa pamamagitan ng pagtala sa hinihinging impormasyon tungkol sa klima at vegetation cover ng Asya.   Gawin ito sa iyong kuwaderno.




Pamprosesong Tanong

1. Bakit nakararanas ang mga Asyano ng iba't ibang klima sa kani-kanilang pinaninirahang lugar sa Asya?
2. Bakit iba-iba ang vegetation cover sa Asya?
3. Sa paanong paraan nakaaapekto ang klima at vegetation cover sa aspektong kultural at pangkabuhayan ng mga Asyano?

## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Tukuyin kung anong uri ng vegetation cover ang inilalarawan ng mga sumusunod na pangungusap. Isulat ang letra ng iyong sagot sa iyong kuwaderno.

A– Tropical Rainforest
B -Kung Disyerto
C– Mountain lands
D Kung Tundra o Treeless Mountain Track
E–Kung Taiga o Boreal Forest

1. Ang ibig sabihin ay kagubatan.Ito ay matatagpuan sa Hilagang Asya particular sa Siberia.Coniferous ang mga kagubatang ito bunsod ng malamig na klima dahil sa presipitasyon na maaaring nasa anyong yelo o ulan.

2. Ito ay kalupaan sa paanan ng bundok.

3. Ito ay mayabong na kagubatan na matatagpuan sa mga bansa na malapit sa ekwador.Ito ay karaniwang binubuo ng malaking puno na may makapal na dahoon.

4. Ito ay nanggaling sa salitang Ruso na ibig sabihin ay kapatagang latian.ito ay binubuo ng mababang halaman na may maliliit na dahoon na nababalutan ng yelo sa halos buong taon at mangilanngilang palumpon ng damo at lumot. Kakaunti ang mga halamang tumatakip at halos walang puno sa lupaing ito dahil sa malamig na klima.

5. Tuyo, tigang at mabuhanging lupa na halos walang pananim maliban lamang sa "cactus".Oasis ang tanging lugar na kakitaan ng tubig.

# A

- Ang klima ay tumutukoy sa karaniwang panahong (average weather) nararanasan ng isang lugar sa loob ng mahabang panahon.

- Vegetation- uri o dami ng mga halaman na nabubuhay sa isang lugar tulad ng pagkakaroon ng kagubatan o damuhan bunga ng klima nito

- Monsoon- nagmula ito sa salitang Arabic na "mausim" na nangangahulugang "season" o "seasonal wind"

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Basahin at piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ang iyong kasagutan sa iyong sagutang papel.

1. Salitang Arabic na "mausim" na nangangahulugang "season" o "seasonal wind".
   A. Amihan  C. Klima
   B. Monsoon  D. Habagat
2. Ito ay tumutukoy sa karaniwang panahong nararanasan ng isang lugar sa loob ng mahabang panahon.
   A. Klima  C. Topograpiya
   B. Lokasyon  D. Vegetation cover
3. Ito ang hanging nakakaapekto sa mga bansa sa Indian subcontinent.
   A. Northeast Monsoon  C. East Asian monsoon
   B. South Asian monsoon  D. Southwest monsoon
4. Isang katangiang pisikal ng kapaligiran sa Hilaga o Gitnang Asya ay ang pagkakaroon ng malawak na damuhan o grasslands. Tinatayang ang sangkapat (1/4) na kalupaan sa mundo ay ganito ang uri. Alin sa mga uri ng grasslands ang may damuhang matataas at malalalim ang ugat?
   A. Tundra  C. Prairie
   B. Steppe  D. Savanna
5. Alin sa mga sumusunod ang hindi kabilang sa mga salik nakakaapekto sa klima?
   A. Dami ng tao  C. Lokasyon
   B. Topograpiya  D. Dami ng halaman

# Likas na Yaman ng Asya

WEEK 3


I


## Aralin


Binabati kita sa matagumpay mong pagkamit ng mahalagang kaalaman tungkol sa katangiang pisikal ng Asya. Ngayon ay mas mapauunlad mo pa ang iyong pang-unawa tungkol sa ugnayan ng tao sa kaniyang kapaligiran sa pamamagitan ng paglinang nito tungo sa pagtugon sa kaniyang pangangailangan. Sa panibagong araling ito ay maaaring maitanong mo kung ano-ano nga ba ang mga likas na yaman ng Asya?


Mahalagang maiugnay mo ang iyong natutuhan sa nakaraang aralin upang ganap na maunawaan ang paksang tatalakayin sa bagong araling ito. Maaari ka nang magsimula. Sa araling ito, inaasahang matututuhan mo ang paghahambing ng kalagayan ng kapaligiran sa iba't ibang bahagi ng Asya., mailalarawan ang mga yamang likas ng Asya at makagagawa ng pangkalahatang profile ng heograpiya ng Asya

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Kaban ng Yaman Ko, Iguhit Mo!: Sa ibaba ay may larawan ng mga produkto. Isulat sa iyong papel kung ito'y yamang lupa, yamang tubig, yamang kagubatan, o yamang mineral. Iguhit din ang yamang likas na pinanggalingan ng mga produkto.

1. 

3. 

2. 

4. 

D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Basahin at piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ang iyong kasagutan sa iyong kuwaderno.

1. Ang mga yamang-likas ay binubuo ng mga ____________.
   - A. yamang lupa at tubig
   - B. Yamang mineral at kagubatan
   - C. yamang kagubatan, lupa, mineral at tubig
   - D. yamang kagubatan at mga produktong agrikultura
2. Ang palay ang pangunahing butil pananim sa maraming bansa sa Timog-Silangang Asya. Bakit ito ito itinuturing na napakahalagang butil pananim?
   - A. Pamalit ito sa mga butil ng mais, barley, at grigo
   - B. Maraming panluwas na produkto ang galing sa palay.
   - C. Pangunahing pagkain ito ng mga tao sa Timog-Silangang Asya.
   - D. Maraming matatabang lupa ang angkop sa pagatatanim nito.

3. Ito ang tawag sa malawak na tuyo o tigang na lupa.
  A. oasis  B. disyerto  C. prairie  D. kapatagan

4. Lugar sa disyerto na may tubig at halaman.
  A. oasis  B. disyerto  C. prairie  D. kapatagan

5. Ang tanso ang itinuturing na pangunahing mineral ng Pilipinas. Ano ang dahilan nito?
  A. Bagong tuklas ang mineral na ito sa Pilipinas.
  B. May reserba at may potensiyal na mamimili nito.
  C. Marami tayong mapagkukunan ng tanso sa Pilipinas.
  D. May mga mineral sa Pilipinas na nauubos na maliban sa tanso.

**Ang Likas na Yaman ng mga Rehiyon sa Asya**

**Hilagang Asya**

Ang Hilagang Asya ay mabundok at may malawak na damuhan na may iba't ibang anyo na mabuti para sa pagpapastol at pag-aalaga ng hayop tulad ng baka at tupa na pangunahing pinagkukunan ng mga tao sa rehiyon ng lana, karne, at gatas bagama't dahil sa tindi ng lamig dito ay halos walang punong nabubuhay.

Ang mga troso mula sa Siberia ang tanging yamang gubat sa rehiyong ito. Sa yamang pangisdaan, produktong panluwas ng rehiyon ang *caviar* (itlog) ng mga *sturgeon,* ang malalaking isdang likas dito.

Malaking industriya sa Hilagang Asya ang pagmimina. Tinatayang pinakamalaki sa mundo ang deposito ng ginto sa Kyrgyzstan at Uzbekistan, samantalang ang Tajikistan ay may tatlong uri ng yamang mineral; ang metalikong mineral tulad ng ginto, mineral na panggatong tulad ng *natural gas* at industriyal na mineral tulad ng *phosphate*. Bukod sa ginto, pangunahing industriya din sa rehiyon ang *natural gas* na mayaman sa Turkmenistan.

Sa mga lambak-ilog at sa mabababang burol ng mga bundok may produksiyon ng pagkaing butil, pagtatanim ng trigo, palay, at *barley* na pangunahin sa Turkmenistan at Uzbekistan, gayundin ng bulak, gulay, tabako,

**Timog Asya**

Ang Timog Asya ay inilalarawan bilang isang sub-kontinente. May bahaging kabundukan, malalawakang na kapatagan at mga lambak-ilog, nasa rehiyong ito ang mahahabang mga ilog at naliligiran ang rehiyon ng iba't ibang anyong tubig at mga lugar na bahagyang tuyot at disyerto.

Pagsasaka ang pangunahing ikinabubuhay ng mga tao sa mga bansang nabibilang sa Timog Asya. Palay ang mahalagang produkto rito bagama't may mga tanim din ng trigo, *jute*, tubo, at mga gulay. Pinakamahalagang likas na yaman sa India ang lupa, higit ang mga kapatagan at lambak na pinagyayaman ng mga ilog ng Indus, Ganges, at Brahmaputra.

Malaki rin ang reserba ng bakal at karbon sa bansang ito. Bagama't ipinagbabawal ng pamahalaan, tanyag ang Afghanistan sa pagtatanim ng opyo. Ang mga kagubatan sa Nepal ay matatagpuan sa mga gulod ng bulubunduking Himalayas. Sa mga baybaying dagat ng Pakistan ay matatagpuan ang mga gubat bakawan.

Makapal at mayabong ang gubat sa timog-kanlurang Sri Lanka na hitik sa puno ng *mahogany* at iba't ibang uri ng *palm.* Sa dakong gitna ng pulong ito, lalo na sa matataas na lugar ay makikita ang mga kagubatang *evergreen,* samantalang sa hilaga at silangang bahagi nito ay naroon ang mga punong *ebony* at *satinwood.* Bukod sa mga nabanggit, kilala rin ang Sri Lanka na tirahin ng mga leon dahil dito kinilala ang bansa bilang *"serendip"* o sa salitang Sanskrit na **Sinhaladvipa** na nangangahulugang **"the island where lions dwell."**

Malaki ang kapakinabangan sa Indian Ocean sa rehiyon dahil sa pagtustos nito ng iba't ibang yamang dagat. Sa ibang bahagi ng rehiyon tulad ng Afghanistan at Bangladesh ay paghahayupan o pagpapastol ng kambing. Batong apog, bakal, karbon, **natural gas,** langis, tanso, asin, at **gypsum** ay ilan sa mga pangunahing yamang mineral ng Timog Asya.

**Timog-Silangang Asya**

Ang Timog Silangang Asya ay binubuo ng mga malalawak na kapatagan at ng mga lambak-ilog, nasa mga lupain ng Myanmar at Brunei ang malalawak na kagubatan. Nagtataasan din ang mga talampas at may mahahabang kabundukan. Naliligiran din ang rehiyon ng iba't ibang anyong tubig at may mga pangkat ng mga pulo ang bumubuo din sa rehiyon.

Matatagpuan sa mga lambak ng Irrawaddy River at Sittang River ang pinakamatabang lupa sa Myanmar, Ilog Cagayan sa Pilipinas, Mekong River sa Cambodia, na may malalawak na taniman kaya't kinilala ang rehiyon bilang pangunahing taniman ng palay sa daigdig. Ang malalaking ilog ay pinagtatayuan ng dam ng ilang mga bansa at nililinang para sa **hydroelectric power** na pinagkukunan ng koryente. Bukod sa mga produktong agrikultural sagana din ang rehiyon sa pagpapastol at pag-aalaga ng hayop gaya ng kalabaw, baka, baboy, kabayo, kambing, at manok.

Tinatayang nasa 84% ng kagubatan sa Brunei ang nagsisilbing panirahan ng iba't ibang uri ng unggoy, ibon, at **reptile.** Sa kagubatan ng Myanmar matatagpuan ang pinakamaraming punong **teak** sa buong mundo, ang Malaysia naman sa **rubber** o goma, samantalang ang maraming punong **palm** at matitigas na kahoy gaya ng apitong, yakal, lauan, kamagong, ipil, pulang narra, mayapis, at iba't ibang *species* ng dapo ay nasa kagubatan ng Pilipinas. Ang Pilipinas ay isa sa mga bansang nangunguna sa buong daigdig sa produksiyon ng langis ng niyog at kopra.

Sa yamang mineral, malaki ang deposito ng langis at **natural gas** sa Indonesia at ang mahigit sa 80% ng langis sa Timog-Silangang Asya ay nanggagaling sa bansang ito, gayundin ang mahigit sa 35% ng **liquefied** *gas* sa buong daigdig. **Liquefied gas** din ang pangunahing mineral ng Malaysia habang tanso naman ang sa Pilipinas. Samantalang, ang Indonesia ang pinakamayaman sa **natural gas** sa buong rehiyon. Kinikilala naman ang Malaysia na may pinakamayaman na reserba ng mineral na lata sa buong mundo.

**Silangang Asya**

Ang malaking bahagi ng rehiyon ay binubuo ng malalawak ng matatabang katapatagan, mga lambak, may ilang bahagi ng rehiyon na tuyot kagaya ng Gobi Desert at mga nagtataasan kabundudukan sa kanluran at hilagang bahagi.

Ang yamang lupa ng Silangang Asya ay matatagpuan sa iba't ibang anyo nito. Sakop ng China ang 7% ng lupa sa buong mundo na maaaring bungkalin at taniman ng iba't ibang uri ng pananim. Pangunahing pananim dito ang palay, at ito ay nangunguna sa produksiyon nito sa buong mundo. Ang ilang mga bahagi ng Silangang Asya ay nakatuon din sa pagtatanim at paghahayupan. Sa China at sa ibang mga bansa sa rehiyon, ang malalaking hayop ay ginagamit bilang katulong sa paghahanapbuhay.

Ang mga anyong tubig ay nililinang din para sa kapakinabangan ng mga nakatira rito.

Mayaman ang China, North Korea, at Tibet sa mga depositong mineral. Nasa China ang pinakamalaking reserba **ng antimony, magnesium, at tungsten** sa buong mundo. Bukod dito, ang China ay may pinakamalaking reserbang karbon sa buong mundo. Samantalang, ang Japan bagama't nangunguna sa industriyalisasyon ay salat sa yamang mineral. Gayunpaman, nagtatanim sila ng mga punong **mulberry** upang maging pagkain ng mga *silkworm* kaya nangunguna ang Japan sa industriya ng telang sutla.

**Kanlurang Asya**

Ang karaniwang lugar sa Kanlurang Asya ay mabuhangin at mabato, maging ang pagkatuyo ng mga ilog at lawa ay madalas sa rehiyong ito. May bahagi ng rehiyon na malawak na mga tangway na naliligiran ng iba't ibang anyong tubig ngunit sa loob ng rehiyon ay salat sa tubig dahil disyerto ang bahagi ng rehiyong ito.

Ang Kanlurang Asya ay sagana sa yamang mineral partikular na sa langis at petrolyo. Pinakamalaking tagapagluwas ng petrolyo sa buong daigdig ang Saudi Arabia, at malaki rin ang produksiyon ng langis ng Iran, Iraq, United Arab Emirates (UAE), Kuwait, at Oman. Karamihan sa mga bansa ng rehiyong ito ay may **natural gas, tanso, bauxite, potash, zinc, magnesium, phosphate**, at iba pa. Sa agrikultura, nagtatanim ang mga taga-Kanlurang Asya ng trigo at **barley** sa mga oasis. Pangunahing produkto sa Iran ang trigo, **barley**, palay, bulak, mais, tabako, at mga prutas. Nangunguna naman ang Iraq sa produksiyon ng **dates** at dalandan ang Israel. Paghahayupan ang karaniwang gawain ng mga naninirahan sa mga bulubundukin at sa mga disyerto sa Iran, Iraq, Syria, Saudi Arabia, at Turkey.

## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Basahin ng mabuti ang mga katanungan. Isulat ang iyong sagot sa iyong kuwaderno.

1. Ano-anong rehiyon sa Asya ang sagana sa mga likas na yaman? Anong mga rehiyon naman sa Asya ay may kakulangan sa mga likas na yaman?
2. Bakit hindi pare-pareho ang taglay na likas na yaman ng mga rehiyon sa Asya?
3. Ano-ano ang implikasyon ng kayamanan at kasalatan sa likas na yaman sa isang rehiyon?
4. Paano hinaharap ng mga Asyano ang pagkakaiba-iba ng taglay na likas na yaman sa bawat rehiyon sa Asya?

## A

- Maraming iba't ibang likas na yaman ang mga rehiyon sa Asya
- Pinakamayaman sa yamang mineral ang mga bansa sa Kanlurang Asya
- Mataba ang lupa sa mga lambak-ilog sa Asya kung saan may sari-saring pananim

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Basahin at piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ang iyong kasagutan sa iyong sagutang papel.

1. Ito ang tawag sa malawak na tuyo o tigang na lupa.
   A. oasis C. prairie
   B. disyerto D. kapatagan

2. Ang mga yamang-likas ay binubuo ng mga _____________.
   A. yamang lupa at tubig
   B. Yamang mineral at kagubatan
   C. yamang kagubatan, lupa, mineral at tubig
   D. yamang kagubatan at mga produktong agrikultura

3. Ang tanso ang itinuturing na pangunahing mineral ng Pilipinas. Ano ang dahilan nito?
   A. Bagong tuklas ang mineral na ito sa Pilipinas.
   B. May reserba at may potensiyal na mamimili nito.
   C. Marami tayong mapagkukunan ng tanso sa Pilipinas.
   D. May mga mineral sa Pilipinas na nauubos na maliban sa tanso.

4. A ng palay ang pangunahing butyl pananim sa maraming bansa sa Timog-Silangang Asya. Bakit ito ito itinuturing na napakahalagang butyl pananim?
   A. Pamalit ito sa mga butyl ng mais, barley, at grigo
   B. Maraming panluwas na produkto ang galing sa palay.
   C. Pangunahing pagkain ito ng mga tao sa TImog-Silangang Asya.
   D. Maraming matatabang lupa ang angkop sa pagatatanim nito.

5. Lugar sa disyerto na may tubig at halaman.
   A. oasis C. prairie
   B. disyerto D. kapatagan

WEEK 4-5


# Likas na Yaman ng Asya at Implikasyon sa Pamumuhay ng mga Asyano

I

Aralin

Sa araling ito, pagtuunan mo ng pansin ang pag-aaral tungkol sa likas na yaman ng Asya at ang implikasyon nito sa pamumuhay ng mga Asyano. Maaring balikan mo ang ilang mahahalagang teksto sa nakaraang aralin upang mas maging malalim ang pag-unawa mo sa bagong aralin. Inaasahang matututuhan mo at masusuri ang mga yamang likas at ang mga implikasyon ng kapaligirang pisikal sa pamumuhay ng mga Asyano noon at ngayon at matataya ang mga implikasyon ng kapaligirang pisikal at yamang likas ng mga rehiyon sa pamumuhay ng mga Asyano noon at ngayon sa larangan ng Agrikultura, Ekonomiya, Pananahanan at Kultura.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Pagsusuri ng Larawan. Nakahanay ang iba't ibang larawan na nagpapakita ng ugnayan ng tao at ng kalikasan. Pansinin at suriin ang bawat isa. Pagkatapos ay sagutan ang pamprosesong mga tanong.



*Slash Ivan Calilung*

Pamprosesong Tanong

1. Ano-anong uri ng likas na yaman ang nakikita mo sa larawan? Paano ito nalilinang ng mga tao?
2. Ano-ano ang mabuti at di-mabuting naidudulot ng paglinang ng ating kapaligiran? Sa anong mga pagkakataon ito nangyayari?
3. Karamihan ba sa ating mga pangangailangan ay natutugunan ng ating mga likas na yaman? Patunayan.
4. Sa iyong palagay, ano sa tingin mo ang mainam na solusyon kung paano matutugunan ng likas na yaman ng isang bansa ang lumalaking dami ng populasyon nito gayong ang lupa naman ay hindi lumalawak?
5. Paano makatutulong sa pag-unlad ng kabihasnang Asyano ang mabuting paggamit ng mga likas na yaman ng Asya?


D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Basahin at piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ang iyong kasagutan sa iyong kuwaderno.

1. Bahagi ng pamumuhay ng mga Asyano kung saan nakakaapekto sa suplay ng pagkain.
   A. Agrikultura  B. Ekonomiya  C. Kultura  D . P a n a h a n a n
2. Bahagi ng pamumuhay ng mga Asyano na naapektuhan ng likas na yaman batay sa mga produktong maaaring ipagbili o bilin.
   A. Agrikultura  B. Ekonomiya  C. Kultura  D. Panahanan
3. Ang dami ng populasyon sa isang lugar ay nakabatay sa katangian ng likas na yaman nito. Anong aspeto ng pamumuhay ng mga Asyano ito kaugnay?
   A. Agrikultura  B. Ekonomiya  C. Kultura  D. Panahanan
4. Pagbabago sa gamit sa lupa na nagdudulot naman ng pagkasira ng tirahan ng mga hayop.
   A. Landa grabbing  C. Land conversion
   B. Land titling  D. Land changes
5. Sa pagpapalaki ng produksyon, ang ilang magsasaka ay gumagamit ng _____________.
   A. Tradisyunal na pagbubungkal  C. Makabagong Makinarya
   B. Tradisyunal na pagtatanim  D. Makabagong daanan

E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Punan ang cloud call out ng epekto ng likas na yaman sa pamumuhay ng mga Asyano.



# A

- Malaki ang implikasyon ng kapaligirang pisikal at yamang likas ng mga rehiyon sa pamumuhay ng mga Asyano noon at ngayon
- Nakikibagay ang mga Asyano sa paraan ng kanilang pamumuhay batay sa ginagalawan nilang kapaligiran.

**Panuto:** Basahin at piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ang iyong kasagutan sa iyong sagutang papel.

1. Ang dami ng populasyon sa isang lugar ay nakabatay sa katangian ng likas na yaman nito. Anong aspeto ng pamumuhay ng mga Asyano ito kaugnay?
   A. Agrikultura　　C. Kultura
   B. Ekonomiya　　D. Panahanan
2. Pagbabago sa gamit sa lupa na nagdudulot naman ng pagkasira ng tirahan ng mga hayop.
   A. Landa grabbing　　C. Land conversion
   B. Land titling　　D. Land changes

3. Bahagi ng pamumuhay ng mga Asyano kung saan nakakaapekto sa suplay ng pagkain.
   A. Agrikultura　　C. Kultura
   B. Ekonomiya　　D. Panahanan

4. Bahagi ng pamumuhay ng mga Asyano na naapektuhan ng likas na yaman batay sa mga produktong maaaring ipagbili o bilin.
   A. Agrikultura　　C. Kultura
   B. Ekonomiya　　D. Panahanan

5. Sa pagpapalaki ng produksyon, ang ilang magsasaka ay gumagamit ng ______________.
   A. Tradisyunal na pagbubungkal　　C. Makabagong Makinarya
   B. Tradisyunal na pagtatanim　　D. Makabagong daanan

# Ang mga Suliraning Pangkapaligiran sa Asya at Balanseng Ekolohikal

WEEK 6

I

Aralin

Sa nakaraang aralin, ay natutuhan mo ang bahaging ginampanan ng likas na yaman sa paraan ng pamumuhay ng mga Asyano. Ang Asya bilang isang kontinente ay katangi-tangi sapagkat naririto ang napakaraming uri ng mga bagay na may buhay na patuloy na dumaraan sa isang uri ng ugnayan at bumubuo ng kapaligiran at kalikasang nililinang ng tao para sa kaniyang pamumuhay. Ngunit sa paghahangad ng tao na mas mapaunlad ang kaniyang gawaing pangkabuhayan ay ginagamit niya ang teknolohiya, mga imbensiyon, at inobasyon na nagbubunsod sa industriyalisasyon. Ano kaya ang naging epekto nito sa kalikasan? Ang susunod na paksa ay magbibigay sa'yo ng paliwanag tungkol dito , inaasahang maiisa-isa ang mga suliraning pangkapaligiran sa Asya, at naipapahayag ang kahalagahan ng pangangalaga sa timbang na kalagayang ekolohiko ng rehiyon.

D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Basahin at piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ang iyong kasagutan sa iyong sagutang papel.

1. Tumutukoy sa pagkasira ng lupain sa mga rehiyong bahagyang tuyo o lubhang tuyo na hindi matatagal ay hahantong sa permanenteng pagkawala ng kapakinabangan o productivity nito.
   A. Desertification   C. Siltation
   B. Salinization   D. Deforestation

2. Parami at padagdag na deposito ng banlik na dala ng umaagos na tubig sa isang lugar.
   A. Desertification   C. Siltation
   B. Salinization   D. Deforestation

3. Pagkaubos at pagkawala ng mga punong-kahoy sa mga gubat.
   A. Desertification   C. Siltation
   B. Salinization   D. Deforestation

4. Balanseng ugnayan sa pagitan ng mga bagay na may buhay at ang kanilang kapaligiran.
   A. Ecological Capacity   C. Ecological Service
   B. Ecological Equity   D. Ecological Balance

5. Sa prosesong ito, ay asin lumilitaw sa ibabaw ng lupa o kaya naman ay inaanod ng tubig papunta sa lupa.
   A. Desertification   C. Siltation
   B. Salinization   D. Deforestation

**Mga Suliraning Pangkapaligiran sa Asya**

Iba't ibang suliraning pangkapaligiran ang kinakaharap ng mga Asyano sa kasalukuyan. Ilan sa mga pangunahing suliraning ito ay ang pagkasira ng lupa, pagkawala ng biodiversity, at pagkasira ng kagubatan.

**1. Pagkasira ng Lupa**

Tunay na malaki at mahalaga ang papel na ginagampanan ng lupa upang patuloy na mabuhay ang mga tao. Sa kapakinabangan o **productivity** nito nakaasa ang mga produktong agrikultural na tumutustos sa kabuhayan ng mamamayan. Gayunpaman, ang pag-abuso sa lupa ay nagbubunsod ng malalang mga suliranin gaya ng **salinization** at **alkalinization** na nagaganap kapag mali ang isinagawang proseso ng irigasyon. Malubhang problema ang **salinization** sa Bangladesh sapagkat nanunuot na ang tubig-alat sa kanilang mga ilog na dumadaloy sa 38% ng bansa. Nasa 33% ng mamamayan nito ang nakikinabang sa ilog na ito. Samantala, isa ring malubhang problema sa lupa ay ang **desertification** gaya ng nararanasan sa ilang bahagi ng China na nakapagtala na nang halos 358,800 $km^2$ na **desertified** na lupain. Maging sa ilang bahagi ng Asya tulad ng Kanlurang Asya ay nakararanas din ng tuyong lupain gaya ng Jordan, Iraq, Lebanon, Syria, at Yemen sa Kanlurang Asya, at ang India at Pakistan sa Timog Asya. Ang pagkasira o pagkatuyo ng lupa ay maaaring magdulot ng matinding suliranin gaya ng kakulangan sa pagkain at panganib sa kalusugan.

Isa pang pinagmumulan ng pagkasira ng lupa ay ang **overgrazing** kung saan ang kapasidad ng damuhan ay hindi sapat sa laki ng kawan ng mga hayop. Ito ay nakasisira sa halaman o **vegetation** ng isang lugar. Ang hilagang Iraq, Saudi Arabia, at Oman ay ilan lamang sa mga bansang nakararanas ng ganitong sitwasyon.

**2. Urbanisasyon**

Dahil sa mabilis na urbanisasyon sa Asya, labis nang naapektuhan ang kapaligiran nito. Ang urbanisasyon ay tumutukoy sa proseso ng paglawig o pag-unlad ng dating pook rural o maliit na nayon dulot ng pagpapatayo ng mga estruktura at iba't ibang hanapbuhay tungo sa pagtaas ng antas ng pamumuhay ng mga taong naninirahan dito. Ito ay nagbunsod sa mga kaugnay na problema gaya ng pagdami ng mahihirap na lugar o *depressed areas* at may mga pamayanang may mataas na insidente ng pagkakasakit at iba pang panganib sa kalusugan. Mahigit sa 3,000 sa mga bayan at lungsod ng India ay may ganitong sitwasyon. Ang kalusugan ng mamamayan sa mga lungsod ay tuwirang naaapektuhan ng urbanisasyon gaya ng pagtatapon ng mga industriya ng kanilang *wastewater* sa tubig o sa lupa. Ang mga kalapit-bayan ng lungsod ay naaapektuhan din ng urbanisasyon sapagkat dito kinukuha ang ilang pangangailangan ng lungsod na nagiging sanhi ng pagkasaid ng likas na yaman nito. Kaugnay na problema rin ng urbanisasyon ang *noise pollution* mula sa mga sasakyan, gayundin ang ilang aparato at makinang gumagawa ng ingay. Ayon sa mga eksperto, may epekto sa kalusugan ang labis na ingay sapagkat nagdudulot ito ng *stress* at nakadaragdag sa pagod. Sa ilang sitwasyon, ito ay nagiging sanhi ng pagkabingi.

### 3. Pagkawala ng *Biodiversity*

Ang kontinente ng Asya ay itinuturing na isa sa may pinakamayamang *biodiversity* sa buong mundo. Ang China, India, Thailand, Indonesia, at Malaysia ay katatagpuan ng pinakamaraming **specie** ng mga isda, **amphibian, reptile**, ibon, at **mammal**. Ngunit sa kabila nito, ang Asya rin mismo ang nakapagtala ng pinakamabilis na pagkawala ng **biodiversity** bunsod ng: (1.) patuloy na pagtaas ng populasyon, (2.) walang tigil na pagkuha at paggamit ng mga likas na yaman, (3.) pang-aabuso sa lupa (4.) pagkakalbo o pagkakasira ng kagubatan **(deforestation),** (5.) polusyon sa kapaligiran, at (6.) ang introduksiyon ng mga *specie* na hindi likas sa isang partikular na rehiyon.

### 4. Pagkasira ng Kagubatan

Ang **deforestation** o tahasang pagkawasak ng kagubatan ay isang napakakritikal na problemang pangkapaligiran. Masama ang dulot nito sa **natural ecosystem** sapagkat ang likas na yaman ng kagubatan ay nababawasan. Pinipiling putulin ang mga punong may ilang libong taon nang nabubuhay sa kagubatan at hindi ito basta lamang napapalitan sa pamamagitan ng muling pagtatanim. Sa pagkawala ng mga puno, marami ring *species* ng halaman at hayop ang nanganganib dahil nawawalan sila ng natural na tirahan o **natural habitat**. Ang pagkakalbo ng kagubatan ay nagbibigay-daan sa iba pang problemang pangkapaligiran tulad ng pagbaha, pagguho ng lupa, siltasyon, at **sedimentation.** Batay sa pag-aaral ng Asian Development Bank, nangunguna ang Bangladesh, Indonesia, Pakistan, at Pilipinas sa mga bansang may pinakamabilis na antas o **rate** ng **deforestation.** Pangunahing sanhi ng problemang ito ay ang komersiyal na pagtotroso, pagkakaingin, pagpuputol ng puno upang gawing panggatong, at ang pagkasunog ng gubat.

Sa pagtalakay mo sa mga suliranin at isyung pangkapaligiran, makatutulong sa iyo ang sumusunod:

1. **Desertification** – Tumutukoy sa pagkasira ng lupain sa mga rehiyong bahagyang tuyo o lubhang tuyo na hindi matatagal ay hahantong sa permanenteng pagkawala ng kapakinabangan o *productivity* nito tulad ng nararanasan sa ilang bahagi ng China, Jordan, Iraq, Lebanon, Syria, Yemen, India, at Pakistan.
2. 2. **Salinization** – Sa prosesong ito, ay asin lumilitaw sa ibabaw ng lupa o kaya naman ay inaanod ng tubig papunta sa lupa. Ito ay nagaganap kapag mali ang isinasagawang proseso ng irigasyon, sa paligid ng mga *estuary* at gayundin sa mga lugar na mababa na ang balon ng tubig o *water table.* Unti-unting nanunuot ang tubig-alat o *salt-water* kapag bumababa ang *water level* gaya ng nararanasan ng Bangladesh sapagkat nanunuot na ang tubig-alat sa kanilang mga ilog.
3. **Deforestation** – Pagkaubos at pagkawala ng mga punong-kahoy sa mga gubat. Isa ito sa mga problemang nararanasan ng Asya sa kasalukuyan.
4. **Siltation** – Parami at padagdag na deposito ng banlik na dala ng umaagos na tubig sa isang lugar. Ito ay isa rin sa mga problemang kinakaharap ng mga bansa sa Asya o bunsod ng pagkasira ng kagubatan at erosyon ng lupa, gaya ng kondisyon ng lawa ng Tonle Sap sa Cambodia.
5. **Red Tide** – Ito ay sanhi ng *dinoflagellates* o mga microspic na organismo na na lumulutang sa ibabaw ng dagat na siyang nagdudulot ng red tide.

6. **Global Climate Change** – Pagbabago ng pandaigdigan o rehiyonal na klima na maaaring dulot ng likas na pagbabago sa daigdig o ng mga gawain ng tao. Karaniwang tinutukoy nito sa kasalukuyan ay ang pagtaas ng katamtamang *temperature* o *global warming.*
7. **Ozone Layer** – Isang suson sa *stratosphere* na naglalaman ng maraming konsentrasyon ng *ozone.* Mahalagang pangalagaan ang *ozone layer* sapagkat ito ang nagpoprotekta sa mga tao, halaman, at hayop mula sa masamang epekto ng *radiation* dulot ng *ultraviolet rays.*

**Ang Kahalagahan ng Balanseng Ekolohikal**


Mahalagang mapanatili ang *ecological balance* o balanseng ekolohikal ng Asya. Ang balanseng ekolohikal ay balanseng ugnayan sa pagitan ng mga bagay na may buhay at ng kanilang kapaligiran. Naaapektuhan ng balanseng ekolohikal ng Asya ang kalidad ng pamumuhay ng lahat ng organismo sa pangkalahatan. Batay sa pananaliksik ng mga dalubhasa na sina J. Wu at C. Overton tungkol sa pagbuga ng *Carbon Dioxide* (CO2) sa buong mundo, dalawampu't limang bahagdan ng kabuuang pagbuga ay nagmula sa Asya Pasipiko. Batay pa rin sa ulat, kung magpapatuloy ang ganitong kalakaran, maaaring tumaas ng hanggang tatlumpu't anim na bahagdan sa taong 2025 at limampung bahagdan sa pagtatapos ng ika-21 siglo ang pagbuga ng *carbon dioxide* mula sa nabanggit na rehiyon. Ang pangyayaring ito ay nakaaapekto sa patuloy na pagkalat ng *greenhouse gasses* tulad ng CO2 at iba pang mapanganib na mga hangin o *air pollutants* na maaaring matangay hanggang sa iba ibang mga lugar sa daigdig.

## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: S-M Tsart**: Gamitin ang S-M Tsart at itala mo sa Kolum "S" ang mga suliraning pangkapaligiran na iyong nabasa at nasuri sa kasunod na teksto at sa kolum "M" naman ay maglagay na iyong mungkahing solusyon sa mga suliraning ito. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

1. Ano-ano po ang tungkulin ng lokal na pamahalaan sa pagtuyod ng pamahalaan tungkol sa pangangalaga sa ating likas na yaman?
2. Ano-ano po ang mga suliraning pangkapaligiran ang naitala o natugunan na ng mga ahensiya ng pamahalaan ng ating barangay o bayan?
3. Paano po ito natutugunan ng ating pamahalaan?
4. Ano-ano ang mga salik o paktor na naging dahilan ng pagkasira ng ating kapaligiran?
5. Sa iyong palagay, mahalaga po ba ang papel na ginagampanan ng taumbayan sa pagtugon sa mga suliraning ito?
6. tutugon sa mga suliraning pangkalikasan na nararanasan natin sa ating barangay?
7. Ano po ang kalakasan at naging kahinaan po batas o programng ito?
8. Sa inyo pong palagay, ano po ang mas angkop na ordinansa na maaari pong itadhana ng ating barangay ang maaaring epektibong tutugon sa mga suliraning ito?

## S-M Tsart




**E**

- Ang malaki at patuloy na lumalaking populasyon sa Asya ay nakapagpapalala sa mga suliraning pangkapaligiran at ekolohikal
- Ang urnbanisasyon ng mga bansa sa Asya ay dahilan din ng mga suliraning pangkapaligiran
- Ang hindi tamang pagtatapon ng solid waste ay nagdudulot ng problemang pangkalusugan.
- Mabilis ang rate ng loss of biodiversity sa Asya.
- Malala ang kontaminasyon ng hangin sa Asya. Dumaranas rin ito ng polusyon sa tubig at malaganap rin ang pagkakalbo ng kagubatan.
- Mahalagang panatilihin ang balanseng ekolohikal ng Asya sapagkat anuman ang maging katayuan at kalagayang ekolohikal ng rehiyon ay tiyak na makaaapekto nang lubos sa pangkalahatang kalidad ng kapaligirang pandaigdig.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Basahin at piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ang iyong kasagutan sa iyong sagutang papel.

1. Pagkaubos at pagkawala ng mga punong-kahoy sa mga gubat.
   A. Desertification C. Siltation
   B. Salinization D. Deforestation

2. Sa prosesong ito, ay asin lumilitaw sa ibabaw ng lupa o kaya naman ay inaanod ng tubig papunta sa lupa.

A. Desertification
B. Salinization
C. Siltation
D. Deforestation

3. Parami at padagdag na deposito ng banlik na dala ng umaagos na tubig sa isang lugar.

A. Desertification
B. Salinization
C. Siltation
D. Deforestation

4. Balanseng ugnayan sa pagitan ng mga bagay na may buhay at ang kanilang kapaligiran.

A. Ecological Capacity
B. Ecological Equity
C. Ecological Service
D. Ecological Balance

5. Tumutukoy sa pagkasira ng lupain sa mga rehiyong bahagyang tuyo o lubhang tuyo na hindi matatagal ay hahantong sa permanenteng pagkawala ng kapakinabangan o productivity nito.

A. Desertification
B. Salinization
C. Siltation
D. Deforestation

# Yamang Tao sa Asya


## Aralin

## I

Napakalaking salik sa kaunlaran ng isang bansa ang kanyang mamamayan.. Sa araling ito, ay matututuhan mo ang mga pangkat etnolingwistiko sa Asya at ang ang tungkol sa yamang tao ng Asya at kaakibat nito ang populasyon

Simulan mo ang paglalakbay sa kontinente ng Asya at sagutin ang mga tanong na: ano ang katangiang pisikal ng Asya bilang isang kontinente? ano ang batayan ng paghahati nito sa limang rehiyon? at **paano nakaaapekto ang katangiang pisikal ng Asya sa pamumuhay ng mga taong naninirahan dito?** Lahat ng ito ay masasagot sa pagbukas mo ng mga pahina ng Aralin 1 na pinamagatang "Katangiang Pisikal ng Asya". Isang maligayang paglalakbay sa iyo. Inaasahang mapahahalagahan mo ang yamang tao ng Asya, mailalarawan ang komposisyong etniko ng mga rehiyon sa Asya, masusuri ang kaugnayan ng paglinang ng wika sa paghubog ng kultura ng mga Asyano, masusuri ang komposisyon ng populasyon at kahalagahan ng yamang-tao sa Asya sa pagpapaunlad ng kabuhayan at lipunan sa kasalukuyang panahon.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1 :** Words for the Day: Nakapaloob sa bilog ang mga salitang may kaugnayan sa aralin tungkol sa yamang tao. Pumili ng limang salita at ipaliwanag ang mga ito batay sa iyong pagkakaunawa. Gawin ito sa iyong kuwaderno.




## D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Basahin at piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ang iyong kasagutan sa iyong sagutang papel.

1. Ang pangunahing pagkakakilanlan ng grupong etnolinggwistiko ay_____.
   A. pagkakaiba ng mga tao sa isang bansa
   B. pagkakapareho ng mga tao sa isang bansa
   C. pagkakapareho at pagkakaiba ng kultura ng mga tao sa isang bansa
   D. pagkakapareho at pagkakaiba ng wika ng mga tao sa isang bansa

2. Ang dalawang batayan sa paghahati ng grupong etnolinggwistiko.
   A. relihiyon at lahi
   B. etnisidad at wika
   C. wika at kaugalian
   D. etnisidad at pamahalaan

3. Populasyon ng isang lugar o bansa na may kakayahang maghanapbuhay upang mapaunlad ang sarili at ang bansa sa kabuuan.
   A. populasyon
   B. yamang-tao
   C. life expectancy
   D. migrasyon

4. Tumutukoy sa dami ng tao sa isang lugar o bansa.
   A. populasyon
   B. yamang-tao
   C. life expectancy
   D. migrasyon

5. Inaasahang tagal ng buhay ay ang karaniwang bilang ng taon na itinatagal ng buhay ng tao sa isang bansa.
   A. populasyon
   B. yamang-tao
   C. life expectancy
   D. migrasyon

**Populasyon at Yamang-Tao ng Asya**

Patuloy ang paglaki ng populasyon sa daigdig. Ito ay isa sa mga suliraning kinakaharap ng maraming bansa sa daigdig sa kasalukuyang panahon. Ayon sa ulat ng United States Census Bureau tinatayang ang kabuuang bilang ng populasyon ng daigdig ay umaabot sa 7.005 bilyon. Sinasabi sa ulat na 60 bahagdan ng kabuuang populasyon sa daigdig ay mula sa Asya. Patunay dito ay ang dalawang bansang may pinakamalaking populasyon na matatagpuan sa Asya, ito ay ang China at India.

Kaya mahalagang pag-aralan at masuri ang katangian ng populasyon ng mga bansa sa Asya. Sa pag-aaral na gagawin, kinakailangang mabigyang kahulugan ang pangunahing salita na karaniwang ginagamit sa pagtataya ng implikasyon ng populasyon sa pag-unlad ng kabuhayan ng isang lugar gaya ng sumusunod:

- Ang populasyon ay tumutukoy sa dami ng tao sa isang lugar o bansa.
- Ang yamang-tao ay ang populasyon ng isang lugar o bansa na may kakayahang maghanapbuhay upang mapaunlad ang sarili at ang bansa sa kabuuan.
- Ang population growth rate o antas ng paglaki ng populasyon ay ang bahagdan ng bilis ng pagdami ng tao sa isang bansa sa bawat taon.
- Ang komposisyon ng populasyon ayon sa gulang ay binubuo ng batang populasyon at matandang populasyon.
  Ang bansang may mataas na bahagdan ng populasyon na nasa gulang 0 hanggang 14 ay maituturing na may batang populasyon. Kung mataas ang bilang ng populasyon ng isang bansa na umaabot sa 60 gulang pataas, ito ay may matandang populasyon.

Ang life expectancy o inaasahang tagal ng buhay ay ang karaniwang bilang ng taon na itinatagal ng buhay ng tao sa isang bansa.

Ang literacy rate ay tumutukoy sa bahagdan ng populasyong 15 taong gulang pataas na may kakayahang bumasa at sumulat.

Ang migrasyon ay pandarayuhan o paglipat ng tao sa ibang tirahan o lugar.

Ang GDP o Gross Domestic Product ay kabuuang panloob na kita ng isang bansa sa loob ng isang taon. Kung hahatiin ang GDP sa kabuuang populasyon ng bansa sa isang taon, ito ay tinatawag na GDP per capita.

Ang unemployment rate ay bahagdan ng populasyong walang hanapbuhay o pinagkakakitaan.

**PANGKAT ETNOLINGGWISTIKO SA ASYA**

Asyano ang mga taong naninirahan sa Asya. Nakikilala din sila batay sa bansang pinagmulan gaya ng Pilipino nagmula sa Pilipinas, Japanese mula Japan, Vietnamese mula sa Vietnam. Maari ding kilalanin ang mga Asyano batay sa pangkat etnolinggwistikong kinabibilangan. Ano nga ba ito? Ang pangkat etnolinggwistiko ay tumutukoy sa pangkat ng mga tao sa isang bansa na may magkakaparehong wika, kultura at etnisidad. Kalimitan ang isang bansa ay binubuo ng iba't ibang pangkat etnolinggwistiko kagaya ng Pilipinas. Ilan nga ba ang pangkat etnolinggwistiko sa bansa?

Ang wika ang isa sa batayan ng pagpapangkat ng tao sa Asya.Ito ay may dalawang kategorya ang Tonal – kung saan ang kahulugan ng salita at pangungusap ay nagbabago batay sa tono ng pagbigkas nito. Gaya ng wikang Chinese, Burmese, Vietnamese. Ang ikalawang kategorya ay ang **stress o non tonal language** – ang pagbabago sa tono ng salita at pangungusap ay hindi nagpapabago sa kahulugan ng salita at pangungusap nito. Ang wikang Cham at Khmer sa Cambodia ay ilan sa mga halimbawa nito. Bakit mahalaga ang wika? Ang wika ang pangunahing gamit ng tao sa pakikipagtalastasan sa kanyang kapwa. Sa pamamagitan ng wika naipapahayag ng tao ang kanyang damdamin, napapaunlad niya ang kanyang sarili at kapwa sa pamamagitan ng pakikipag-talastasan. Sinasabing pangunahing batayan ang wika sa paghubog ng kultura ng mga etnolinggwistiko. Ito ang nagsisilbing pagkakakilanlan ng bawat pangkat. Kung nais mong suriin ang kultura at kasaysayan ng isang lahi, kinakailangan pag-aralan mo ang wika nito.

Sinasabi nga na sinasalamin ng wika ang kultura ng isang bansa.Ito ang nagsisilbing pagkakakilanlan ng bawat pangkat. Kung nais mong suriin ang kul-tura at kasaysayan ng isang lahi, kinakailangan pag-aralan mo ang wika nito. Sinasabi nga na sinasalamin ng wika ang kultura ng isang bansa. Bukod dito ang wika din ang nagbubuklod sa tao upang manatiling nagkakaisa at

nagpapahalaga sa kanilang kul-tura. Kaya't mahalaga ang papel na ginagampanan ng mga pamahalaan ng bawat bansa upang isulong ang pagkakaroon ng isang wika sa kanilang bansa.

Samantala, isa pang batayan ng pagpapangkat ng mga tao ay ang etnisidad. Ang etnisidad ay mistulang kamag-anakan. Kapag ang isang tao ay kinilala ng isang pangkat etnolinggwistiko bilang kasapi dahil sa pagkaka-pareho ng kanilang pinagmulan itinuturing nila ang isa't isa bilang malayong kamag-anakan.

Ang pagkakapare-pareho ng wika at etnisidad ang nagiging batayan ng pagpapangkat ng tao. Itinuturing nilang ibang pangkat etniko ang mga taong kaiba ang wika, etnisidad at kultura sa kanila. Ang pag kakaiba-ibang ito ang pangunahing katangian ng mga Asyano.

Matatagpuan sa bawat rehiyon sa Asya ang iba't ibang pangkat etnolinggwistiko Sa Timog Silan-gang Asya matatagpuan ang mga Austro – Asiatic (Munda), Dravidian at Indo Aryan. Ang ural – Altaic, Paleosiberian at Eskimo naman sa Hilagang Asya. Dahil sa estratehikong lokasyon ng Hilagang Asya matatagpuan dito ang iba't ibang pangkat ng tao gaya ng Turk , Afghan , Kurd , Persian , Hittite , Assyr-ian , Jew , Armenian , Arab ,Caanite ,Lydian , Sumerian , Elamite , Kassite , Hatti , Halde , Hurri at Ly-ciane.Sa Timog Silangang Asya dalawang pamilyang linggwistiko ang makikita ang Austro – Asiatic ito ay ang mga wika ng mga Pilipino at Indonesian.Samantalang matatagpuan sa Silangang Asya ang mga Sino – Tibetan , Indo – Aryan at Hapones.

Maaari ding kilalanin ang mga pangkat etniko batay sa kanilang panirahan. Tinuring na *uplander* ang mga naninirahan sa mataas na lugar o kabundukan gaya ng Mangyan at Dumagat sa Pilipinas, Karen at Hmong sa Thailand at *lowlander* naman ang naninirahan sa kapatagan at baybay dagat gaya ng ethnic Lao ng Lao PDR, Kinh o Viet sa Vietnman sa Pilipinas ano mang pangkat etniko ang naninirahan sa ka-patagan na alam mo? Kabilang ka ba sa kanila? Karaniwan ang mga pangkat etniko na nasa kapatagan ang mas marami ang bilang, sila din ang may maunlad na pamumuhay. Ang sentro ng pamahalaan, edu-kasyon, komersyo at iba ay matatagpuan dito. Samantalang ang mga naninirahan sa kabundukan pakaunti ang bilang, sinisikap na mapanatili ang kanilang kultura sa kabila ng kakapusan sa mga pan-gunahing pangangailangan at hamon ng makabagong panahon.

Anumang batayan ang gamitin sa pagkilala sa mga Asyano ang mahalagang tandaan sa kabila ng pagkakaiba – iba ng wika , etnisidad at kultura ang dapat manaiig sa bawat Asyano ay **PAGKAKAISA**.

# E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Punan ang hinihingi ng talahanayan. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

| Isyung kaugany ng Yamang Tao | Implikasyon sa buhay ng mga Asyano |
|---|---|
| Mataas n populasyon | |
| Life expectancy | |
| Literacy rate | |
| Low GDP | |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Magpasya Batay sa Talahanayan. Piliin kung thumbs up o thumbs down ang sumusunod na pahayag. Pagkatapos, sagutin ang mga nakalaang tanong.

**Talahanayan 2: Katangian ng Populasyon**

| **Bansa** | Bahagdan ng Marunong Bumasa | Bahagdan ng Migrasyon | *Unemployment Rate* | GDP *Per Capita* |
|---|---|---|---|---|
| Afghanistan | 29.0 | 3.3 | 36.0 | 1,000 |
| Armenia | 99.6 | - 3.8 | 7.0 | 5,500 |
| Azerbaijan | 99.8 | - 1.1 | 6.0 | 10,300 |
| Bahrain | 94.6 | 16.1 | 15.0 | 27,900 |
| Bangladesh | 56.8 | - 1.6 | 5.0 | 735 |
| Bhutan | 47.0 | 0 | 4.0 | 6,200 |
| Brunei | 92.7 | 2.6 | 3.7 | 50,000 |
| Cambodia | 73.6 | - 0.3 | 1.68 | 2,200 |
| China | 92.2 | - 0.3 | 4.1 | 8,500 |
| Georgia | 99.7 | - 4.1 | 16.3 | 5,600 |
| India | 74.04 | - 0.1 | 3.8 | 3,700 |
| Indonesia | 90.4 | - 1.2 | 6.56 | 4,700 |
| Iran | 77.0 | - 0.1 | 11.5 | 13,200 |
| Iraq | 78.2 | 0 | 18 | 3,501 |
| Israel | 97.1 | 2.1 | 7.1 | 31,282 |
| Japan | 99.0 | 0 | 4.5 | 35,200 |
| Jordan | 92.6 | -14.3 | 11.9 | 4,666 |
| Kazakhstan | 99.5 | -3.3 | 6.1 | 13,200 |
| North Korea | 99 | 0 | NA | 1,800 |
| South Korea | 97.9 | 0 | 3.7 | 32,150 |
| Kuwait | 93.3 | 0.7 | 1.5 | 62,664 |
| Kyrgyzstan | 98.7 | - 2.6 | 8.2 | 2,400 |
| Laos | 73.0 | - 1.2 | 2.5 | 2,700 |
| Malaysia | 88.7 | - 0.4 | 3.0 | 15,800 |
| Maldives | 94.7 | -12.6 | 14.5 | 6,405 |
| Mongolia | 94.6 | 0 | 11.7 | 3,056 |
| Myanmar | 89.9 | - 0.3 | 5.5 | 1,310 |
| Nepal | 60.3 | 0.6 | NA | 619 |
| Oman | 81.4 | - 0.5 | 24.4 | 25,221 |
| Pakistan | 54.9 | - 2.2 | 5.7 | 2,800 |
| Philippines | 92.6 | - 1.3 | 6.9 | 4,100 |
| Qatar | 96.3 | - 4.9 | 0.5 | 92,501 |
| Singapore | 92.5 | 4.6 | 1.9 | 60,500 |
| Sri Lanka | 90.6 | - 2.2 | 4.2 | 5,700 |
| Syria | 79.6 | -11.2 | 9.2 | 5,100 |
| Tajikistan | 99.7 | - 1.2 | 60.0 | 2100 |
| Thailand | 92.6 | 0 | 1.2 | 9,500 |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Turkey | 94.1 | 0.5 | 8.0 | 10,498 |
| Turkmenistan | 98.8 | - 1.9 | 70 | 4,722 |
| UAE | 77.9 | 19.0 | 4.3 | 45,653 |
| Uzbekistan | 99.3 | -2.7 | 8.0 | 3,300 |
| Vietnam | 94.0 | - 0.4 | 2.9 | 3,400 |
| Yemen | 63.91 | 0 | 35.0 | 1,361 |

data.world.bank.org/indicator/NY.CDP.PCAP.CD
www.tradingseconomics.com/mongolia/unemployment
www.arabianbusiness.com/oman_economy_growing

1. Mataas ang bahagdan ng mga taong marunong bumasa at sumulat sa Armenia, Japan, Kazakhstan, at Tajikistan
2. Mas mataas ang bahagdan ng marunong bumasa at sumulat sa Pilipinas kaysa Indonesia
3. Ang Afghanistan ang may pinakamababang bahagdan ng mga taong bumasa at sumulat sa Asya

Bakit mahalaga sa isang bansa ang magkaroon ng mataas na bahagdan ng mga mamamayang marunong bumasa at sumulat?

4. Kung ang Pilipinas ay may -1.3 na bahagdan ng migrasyon, nangangahulugan lamang na maraming tao ang nandayuhan sa Pilipinas at permanenteng nanirahan sa bansa.
5. Mas mataas ang unemployment rate sa Thailand kaysa sa Pilipinas.
6. May mga bansang Asyano ang walang suliranin pagdating sa unemployment.

Ano ang epekto ng mataas na unemployment rate sa isang bansa?

7. Lubhang mataas ang GDP Per Capita ng mga bansang Qatar, Kuwait, at Brunei.
8. Higit na mababa ang GDP Per Capita ng Nepal at Bangladesh kaysa Pilipinas.

Ano ang kalagayan ng kaunlaran ng Pilipinas batay sa GDP Per Capita?

## A

- Ang Asya ay tahanan ng iba't ibang grupong etnolinggwistiko na lalong nagbibigay kulay sa mga kulturang Asyano.
- Ang grupong etnolinggwistiko ay isang grupo ng tao na ang mga kasapi ay nakararamdam ng pagiging kabilang sa isang grupo. Ang dalawang pangunahing batayan ng pagkakakilanlang ito ay ang wika at etnisidad.
- Ang patuloy na paglaki ng populasyon ng mga Asyano ay isang matinding hamong kinakaharap ng mga pamahalaan sa Asya.
- Ang kalusugan ng mga mamamayan ay sang mahalagang salik sa pagtataya ng kaunlarang panlipunan ng isang bansa.

- Ang pagkakaroon ng mataas na per capita GDP ay nangangahulugang mas maunlad na pamumuhay para sa mamamayan ng isang bansa.
- Ang pagkakaroon ng sapat na edukasyon ay isang bagay na nararapat matamo ng mga Asyano upang mapaunlad ang kanilang mga sarili at bansang kinabibilangan.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Basahin at piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ang iyong kasagutan sa iyong kuwaderno.

1. Ang dalawang batayan sa paghahati ng grupong etnolinggwistiko.
   A. relihiyon at lahi  C. wika at kaugalian
   B. etnisidad at wika  D. etnisidad at pamahalaan

2. Ang pangunahing pagkakakilanlan ng grupong etnolinggwistiko ay_________.
   A. pagkakaiba ng mga tao sa isang bansa
   B. pagkakapareho ng mga tao sa isang bansa
   C. pagkakapareho at pagkakaiba ng kultura ng mga tao sa isang bansa
   D. pagkakapareho at pagkakaiba ng wika ng mga tao sa isang bansa

3. Inaasahang tagal ng buhay ay ang karaniwang bilang ng taon na itinatagal ng buhay ng tao sa isang bansa.
   A. populasyon  C. life expectancy
   B. yamang-tao  D. migrasyon


4. Populasyon ng isang lugar o bansa na may kakayahang maghanapbuhay upang mapaunlad ang sarili at ang bansa sa kabuuan.
   A. populasyon  C. life expectancy
   B. yamang-tao  D. migrasyon

5. Tumutukoy sa dami ng tao sa isang lugar o bansa.
   A. populasyon  C. life expectancy
   B. yamang-tao  D. migrasyon

# Susi sa Pagwawasto

## WEEK 1

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1**



**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2**
1. J
2. J
3. J
4. L

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3**
1. D
2. B
3. B
4. A
5. C

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4**
1. TSA
2. TA
3. SA
4. HA
5. KA
6. HA
7. TSA
8. KA
9. HA
10. SA

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 7**
1. B
2. B
3. C
4. B
5. C

## WEEK 2

| Gawain sa Pagkatuto Bilang 2 | Gawain sa Pagkatuto Bilang 4 | Gawain sa Pagkatuto Bilang 5 |
|---|---|---|
| 1. B | 1. E | 1. E |
| 2. A | 2. C | 2. C |
| 3. B | 3. A | 3. A |
| 4. C | 4. D | 4. D |
| 5. A | 5. B | 5. B |

## WEEK 3

| Gawain sa Pagkat-uto Bilang 1 | Gawain sa Pagkat-uto Bilang 2 | Gawain sa Pagkat-uto Bilang 4 |
|---|---|---|
| 1. lupa | 1. C | 1. B |
| 2. tubig | 2. C | 2. C |
| 3. kagubatan | 3. B | 3. C |
| 4. mineral | 4. A | 4. C |
| | 5. C | 5. A |

## WEEK 4-5

| Gawain sa Pagkatuto Bilang 2 | Gawain sa Pagkatuto Bilang 3 |
|---|---|
| 1. A | 1. D |
| 2. B | 2. C |
| 3. D | 3. A |
| 4. C | 4. B |
| 5. C | 5. C |

## WEEK 6

| Gawain sa Pagkatuto Bilang 1 | Gawain sa Pagkatuto Bilang |
|---|---|
| 1. D | 1. D |
| 2. B | 2. B |
| 3. B | 3. C |
| 4. A | 4. D |
| 5. C | 5. A |

## WEEK 7-8

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2**
1. D
2. B
3. B
4. A
5. C

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4**
1. Thumbs up 7. Thumbs up
2. Thumbs up 8. Thumbs up
3Thumbs up
4. Thumbs down
5. Thumbs down
6. Thumbs down

## WEEK 7-8

1. Mahalaga sa isang bansa ang magkaroon ng mataas na bahagdan ng mga mamamayang marunong bumasa at sumulat sapagkat nabibigyan nito ng pagkakataong mapaunlad ng tao ang kanilang sarili at ang bansang kinabibilangan.

2. May matinding implikasyon ito sa lahat ng aspeto sa pamumuhay ng tao at pag-unlad ng bansa.

3. Ang pilipinas ay nasa antas na pagpapaunlad

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5**
1. B
2. D
3. C
4. B
5. A

## Sanggunian


Araling Asyano: Tungo sa Pagkakakilanlan (K to 12); Vival Publishing: House Inc. Espesyal na Edisyon 2013 akda nina Romela M. Cruz Ed. D., Mary Dorothy dl Jose, Joel B. Mangulabnan, Michael M. Mercado, Jerome A. Orig, Godfrey T. Dancel, et al.

Kabihasnang Asyano: Kasaysayan at Kultura: KKK Serye: Vival Publishing House Inc., Edisyon 2006, akda nina Grace Estela C. Mateo Ph.D., Ma. Luisa Camagay, Ph.D., Ricardo Jose, Ph.D., Evelyn Miranda, et al

Asya: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba-iba: Araling Panlipunan Modyul para sa Mag-aaral, Unang Edisyon 2014, Kagawaran ng Edukasyon at Filipinas Copyright Licensing Society (FILCOLS) Inc. Inilimbag sa Pilipinas ng Eduresources Publishing Inc, akda nina Rosemarie Blando, Adelina Sebastian, Angelo Espiritu, et al

Kabihasnang Asyano: Kasaysayan at Kultura (Manwal para sa Guro); Viva Publishing House Inc. 2006, akda nina: Lydia Agno Ed.D., Cellinia E. Balonso, Ph.D, Grace Estela Mateo, Ph.D., et al

Kayamanan II: Kasaysayan ng Asia, Worktext sa Araling Panlipunan para sa Ikalawang Taon sa Sekundarya; Rex Bookstore: Unang Edisyon 2005; nina Carmelita Samson, Leonor Antonio, Evangeline Dallo, et al

Pana-panahon: Worktext para sa Araling Panlipunan Ikalawang Taon; Kasaysayan ng Asia, 2002 RBS Serye (Rex Bookstore) ng Araling Panlipunan nina: Carmelita Samson, Celia Soriano, Consuelo Imperial, et al

Panahon, Kasaysayan at Lipunan: Kasaysayan ng Asya Gabay sa Pagtuturo: Ikalawang Edisyon 2006; Diwa Scholastic Press Inc. nina: Jan Phillip Mallari, Honorio Virata Jr., Marfel Mateo-Flores et al

Gabay sa Pagtuturo ng Araling Panlipunan; (UBD) Ikalawang Edisyon 2011; United Eferza Academic Publications Co. nina: Edmer Casala at Benjie Sanbas



Araling Asyano: Tungo sa Pagkakakilanlan (K to 12); Vival Publishing:House Inc. Espesyal na Edisyon 2013 akda nina Romela M. Cruz Ed. D., Mary Dorothy dl Jose, Joel B. Mangulabnan, Michael M. Mercado, Jerome A. Orig, Godfrey T. Dancel, et al.

Kabihasnang Asyano: Kasaysayan at Kultura: KKK Serye: Vival Publishing House Inc., Edisyon 2006, akda nina Grace Estela C. Mateo Ph.D., Ma. Luisa Camagay, Ph.D., Ricardo Jose, Ph.D., Evelyn Miranda, et al

Asya: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba-iba: Araling Panlipunan Modyul para sa Mag-aaral, Unang Edisyon 2014, Kagawaran ng Edukasyon at Filipinas Copyright Licensing Society (FILCOLS) Inc. Inilimbag sa Pilipinas ng Eduresources Publishing Inc, akda nina Rosemarie Blando, Adelina Se bastian, Angelo Espiritu, et al

Kabihasnang Asyano: Kasaysayan at Kultura (Manwal para sa Guro); Vival Publishing House Inc. 2006, akda nina: Lydia Agno Ed.D., Cellinia E. Balonso, Ph.D, Grace Estela Mateo, Ph.D., et al

Kayamanan II: Kasaysayan ng Asia, Worktext sa Araling Panlipunan para sa Ikalawang Taon sa Sekundarya; Rex Bookstore: Unang Edisyon 2005; nina Carmelita Samson, Leonor Antonio, Evangeline Dallo, et al

Pana-panahon: Worktext para sa Araling Panlipunan Ikalawang Taon; Kasaysayan ng Asia, 2002 RBS Serye (Rex Bookstore) ng Araling Panlipunan nina: Carmelita Samson, Celia Soriano, Consuelo Imperial et.al.

Panahon, Kasaysayan at Lipunan: Kasaysayan ng Asya Gabay sa Pagtuturo: Ikalawang Edisyon 2006; Diwa Scholastic Press Inc. nina: Jan Phillip Mallari, Honorio Virata Jr., Marfel Mateo-Flores et al

Gabay sa Pagtuturo ng Araling Panlipunan; (UBD) Ikalawang Edisyon 2011; United Eferza Academic Publications Co. nina: Edmer Casala at Benjie Sanbas



Pag-Usbong ng KabihasnanAklat nina Mateo Ph.D, Grace Estela C., et. al., *Asy ,* Vibal Publishing House Quezon City, 2008, pp. 32

Asya Pag-Usbong ng Kabihasnan nina Mateo Ph.D, Grace Estela C., et. al., , Vibal Publishing House Quezon City, 2008, pp. 23-25

Kabihasnang Asyano, nina Mateo, Ph. D., Grace Estela, et al. Vibal Publishing House, Quezon City, Philippines, 2008, (pp. 46 – 56)

Kabihasnang Asyano, Vibal Publishing House Inc. pahina 61 -63

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education Region 4A CALABARZON

Office Address: Gate 2 Karangalan Village, Cainta Rizal

Landline: 02-8682-5773 local 420/421

Email Address: lrmd.calabarzon@deped.gov.ph